# SIMULA NG BAGONG HAMON

*by:*
**Carlota R. Moleño**
*Teacher I*

Nagsimula na ang face-to-face classes sa buong bansa. Magandang simula sa pagpapatuloy na normal na buhay ng bawat mag-aaral, "ang pumasok araw-araw sa paaralan". Maraming iba't ibang komento ang narinig at nabasa mula sa mga social media ukol sa pagbubukas ng klase ngayong taong 2022-2023, may mga positibong komento, may mga negatibong komento, ngunit sa huli natuloy pa din ang pagbubukas ng klase ngayong taon.

Sa panig ng mga magulang, marami sa kanila ang sobrang natutuwa sa pagbubukas ng klase dahil ayon sa kanila ay marami sa kanila ang nahihirapan na ituro ang ibang aralin sa kanilang mga anak, may iba naman na walang panahon na magturo sa kanilang mga anak ng kanilang mga module dahil abala ang ilan sa kanilang mga trabaho. May ilan naming mga magulang na hindi sang-ayon sa face-to-face classes dahil naman sab anta ng kalusugan sa kanilang mga anak.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

"New Normal" pa rin ba ito? O normal na ba? Kakaiba pa din sa normal nap ag-aaral ang taong ito, dahil ayon nga sa DOH "may covid pa" kayat kailangan pa din ng ibayong pag-iingat sa pagpasok sa klase. May kaibahan pa din sa normal nap ag-aaral, mrami pa din dapat sunding health protocol ang mga mag-aaral. Hindi pa din maaari ang malayang pakikipaglaro at pakikipag-usap sa ibang mag-aaral at kailangan pa din na magsuot ng face mask kahit hindi ito komportable.

Sa panig naman ng mga guro, "walang pahinga" ayon sa kanila sapagkat nakakagulat ang maagang pagbubukas ng klase gayong katatapos lamang ng taong panuruang 2021-2022 noong buwan ng Hulyo. Ngunit sa kabila ng kinakaharap na

mabigat na trabaho ay handa ang mga guro na gawin at ipagpatuloy ang kanilang misyon, "ang magturo nang buong puso".

Ito ay malaking hamon para sa lahat, kaya'tanging hiling lamang ng mga guro ay ang buong suporta mula sa mga magulang at buong komunidad upang maibigay ang mga pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral ngayong taong panuruan. Hamon din ito sa mga mag-aaral na magtiyaga sa pag-aaral lalo't marami silang kailangang matutuhan sa taong ito upang makahabol sa ilang araling naiwan.

*References:*

https://mb.com.ph/2022/08/21/ph-schools-to-open-sy-2022-2023-with-face-to-face-classes/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan